# Sandosenang Sendong: and Talinghaga ng Pagwasak at Pagbuo

GERMAN VILLANUEVA GERVACIO
ANGELINA L. SANTOS

## Abstrak

*Labindalawang akdang pampanitikan ang nabuo ng awtor at sa isang dosena, walo (8) rito ang maikling kuwento; dalawa (2) ang dula at tig-isa ang dagli at tula. Sa proseso ng pagsulat ng mga akda, natuklasang napakaraming posibilidad ng paglikha at pagbuo kung "wawasakin" ang ilang akdang nakatatag na. Ganito ang nangyari sa mga kuwentong Alamat ng Pinya, Alamat ng Maria Cristina, Maria Cacao, Rapunzel, Santa Claus and the Elves at The Three Little Pigs. Isang akto rin ng pagbubuo ng "nawasak" na sarili ang mismong paglikha ng mga akda. Napatunayan ang sinabi ni Pablo Picasso na "Every act of creation is first an act of destruction."*

*Winasak ako ni Sendong subalit tinuruan niya rin ako kung paano bumuo, katulad nang matapos niyang mangwasak ay bumuo rin siya. Ako na ngayon si Sendong na mangwawasak ng mga akda upang makabuo ng bagong akdang pagmumulan ng bagong kahulugan at katotohanan. Ipinaunawa ni Sendong ang hiwaga at talinghaga ng pagwasak at pagbuo. Sa ganito ko nadalumat ang aking mga akda. Sa ganito ko naunawaan kung bakit kailangang maganap ang pagwawasak.*

Si GERMAN V. GERVACIO ay propesor ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, CASS, MSU-IIT. Isang kwentista at makata, ilan sa kanyang nasulat ay nanalo sa Timpalak Palanca at sa Homelife Magazine. Kasalukuyang koordineytor ng NCCA sa Panitikan ng Northern Mindanao. Si ANGELINA L. SANTOS ay isang retiradong propesor ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, CASS, MSU-IIT. Nakapagtapos ng Master sa Edukasyon (M.Ed) sa UP Diliman at PhD sa Language Studies sa MSU-Marawi sa ilalim ng programang Mindanao Advance Education. Nakapaglathala ng mga aklat sa Filipino sa Wika at Panitikan at ilang mga artikulo sa ilang journal sa Filipino.

*Subalit alam kong hindi pa dapat pag-usapan ang kalidad ng mga akdang nasa koleksyon. Sa isang banda'y maaaring matukoy ang uri ng kinalabasang akda, halimbawa'y maaaring ituring na* ***hybrid*** *ang nabuong akda sa pamamagitan ng* ***retelling****, subalit usapin pa rin kung nahigitan ba ng nabuong akda ang winasak nito. Subalit ang bahaging ito'y iniiwan ko na sa mga kritiko. Nakaabang ang mga akda ko sa pangwawasak ng iba at buong puso ko silang tinatanggap dahil natitiyak ko, sa guho ng mga akda ko ay makapagpapausbong sila ng bagong kahulugan, ng bagong katotohanan, ng bagong akda, ng bagong Sendong.*

*Tuloy-tuloy ang pangwawasak dahil kailangang magpatuloy rin ang pagbubuo.*

***Keywords:*** Sendong, akda, pagwasak, pagbuo, proseso

## Panitikan ng Sakuna

Kasingtanda ng kasaysayan ng tao ang panitikang tumatalakay sa sakuna. Wari bang ang kasaysayan ng mundo ay kasaysayan ng pagkabibo at pagtatagumpay ng tao laban sa sakunang pangkalikasan. Subalit bagaman, isa na ito sa pinakamatandang paksa ng panitikan, hindi pa rin maituturing na maunlad ang panitikan ng sakuna sa bansa. Layunin ng pag-aaral na makapag-ambag sa koleksyon ng panitikan ng sakuna ng Pilipinas.

Sa bansang laging dinadalaw ng bagyo, lindol, pagputok ng bulkan at iba pang sakuna, nakapagtataka at nakapanghihinayang na wala tayong sapat na panitikang maaaring "takbuhan" sa mga panahon ng ligalig at pagdadalamhati. Hindi pa tuluyang naimamapa ang samu't saring imahe, damdamin at kaisipang maaaring maging susi sa paghahanap natin ng liwanag sa gitna ng karimlang hatid ng mga sakuna.

Baha o anumang sakuna ay sumasagot sa mga tanong ng mga taong nakararanas nito. Sa pamamagitan ng kuwento, iminamapa nila ang kahulugan at saysay ng karanasan. Ang dahilan ng sakuna at ang bunga ng sakuna. Ang pagkawasak at pagkabuo. Sa ilang kuwento,

tulad ng kuwento ni Dagau ng mga Manobo (http://criticplaywright.blogspot.com/ 2006_06_01_archive.html), ipinagpapalagay na ang sakuna (lindol) ay resulta ng masamang gawain ng mga tao:

> Sa simula ay si Dagau na itinatag ang mundo sa ibabaw ng limang bakal na haligi, ang isang haligi'y nakatukod sa gitna. Pabilog ang kalangitang naliligiran ng dagat. Malapit sa gilid ng dagat ay ang pusod nito—isang ga-higanteng butas na nilulusutan ng tubig na nagiging sanhi ng pag-apaw at pagkati ng tubig. Hugis-kabute ang daigdig at sa ilalim nito nakatira si Dagau kasama ang alagang higanteng sawa. Ayaw na ayaw ni Dagau makakita ng dugo ng tao kaya kung nabububo ang dugo sa lupa, inuudyukan niya ang sawa na lingkisin ang mga haligi ng daigdig at yugyugin ito, kung gayo'y lumilindol.

Sa ganito ko nais lantawin ang mga akdang pinagsikapang isulat at inihain sa disertasyong ito. Labindalawang akdang bunga ng direkta at di-direktang danas ng trahedyang Sendong. Sandosenang Sendong. Sandosenang akda ng sakunang inaasahang magmamapa sa mga maaaring hindi naunawaang signos, emosyon, relasyon, kahulugan, politika o anumang kaya pang isalba ng alaala kaugnay ng bagyong Sendong. Kasaysayan ang alaala. Nabanggit ni Anne Michaels sa kanyang koleksyon ng mga tula na "Miner's Pond" (1991, p.99) na:

> **For a citizen who acts and a writer who spends periods of time cloistered from society, the dilemma is the same; the dilemma of the witness. Not only: Who am I to say? but also: Who am I, if I don't say. The more deeply you examine your own life, the more deeply you enter your times, and from there, history.**

Usapin kung gayon ito ng kung magsasalita ba o hindi. Kung magsasalaysay ba o hindi. Magdadalawang taon na mulang trahedya ni Sendong noong Disyembre 2011. Nakaplastar ang lahat ng sangkap para sumulat—sariling karanasan, nag-uumapaw na impormasyon at

pagkakataong mabusisi muli ang sariling sining at buhay. Ako ang saksing tinutukoy ni Michaels sa itaas, at kaharap ko rin ngayon ang dilemmang sinasabi niya. Ilang beses kong tinangkang sulatin ang mga kuwentong Sendong na umuukilkil sa aking isipan. Subalit sino nga ba ako para magkuwento? Subalit mahalaga pa nga ba kung sino ako? Saan ako dadalhin ng aking panulat kung ang kumpiyansa ko sa pagsulat ay singnipis ng kumpiyansa ko sa pagsulat ng disertasyong ito? Nauunawaan ko ba ang panitikan at nauunawaan ko ba ang akademiko at iskolarling panulat? Paano kung ang espasyong hinihintay kong paglalagakan ng mga kuwentong Sendong ko ay ito na ngang espasyong inihahain ng akademikong papel na ito? Hanggang saan puwedeng ikompromiso ang "matinong panulat" ng Akademiya sa ngalan ng pawarde-wardeng malikhaing panulat na tangi kong oryentasyon? Anu't anuman, kailangan kong magsimula. Kailangang patunayan kong nabubuhay ako upang magkuwento. Ito ang aking tesis. Ito ang aking nais patunayan.

## Paglalahad ng Suliranin

De primerang objektib ng sulating ito ang makalikha ng mga akdang inspirado o impluwensiyado ni Sendong. Layunin ding tumuklas ng angkop na sistema't anyo, maging ng wika at estilong lalapat at sasapat sa pagsasanib ng mga akdang malilikha at istruktura ng disertasyon. Susubukin ding tuklasin ang talinghaga ng pagwasak at pagbuo habang ginugunita ang nakaraan at lumilikha ng akda.

Umaasang matatamo ang mga layuning nabanggit kung matutugunan ang sumusunod na mga katanungan:

1.1.1 Ano-ano ang mga akdang malilikhang may kaugnayan sa bagyong Sendong?

1.1.2 Ano ang proseso (**poetics**) ng awtor upang maisulat ang mga akda?

1.1.3 Anong teorya ng paglikha ang posibleng mabuo sa pag-aaral ng mga akda?

## Batayang Teoretikal

Mahirap talagang matukoy kung saang teorya nakasandig ang pag-aaral. Ang bawat isa sa labindalawang akdang naisulat ay tila may iba't dalumat na hinihiligan. Gayunpaman, nasa ibaba ang ilang teorya't patnubay na sinaligan ng manunulat.

### Counter Memory

Si Michael Foucault ang nagpanukala ng panibagong pagsulat ng kasaysayan sa pamamagitan ng alaala. Ayon sa kanya, "counter-memory is *an individual's resistance against the official versions of historical continuity*: the important thing becomes who remembers, what is the context of memory, and what does it oppose."

Ganito ang nangyari sa pagsulat ko ng mga akdang Sendong. Dalawang taon lang halos mula nang mangyari ang malagim na trahedya, subalit waring nabura na sa alaala ng mga Pilipino maging ng mismong mga biktima ang naratibo ng trahedya. Mahalaga kung gayon na magkontra-memorya upang mapaigting ang pagsalungat sa naratibong nalikha nang walang sapat na pagsusuri sa salimuot ng trahedya, sa bahaging politikal lalo na. Mahalaga kung gayon ang pag-alala ng mismong mga biktima upang maipagpatuloy ang mga hindi sinasang-ayunang naratibo at kahulugang kaugnay ng Sendong. Halimbawa, ang Sendong ba ay purong sakunang pangkalikasan o gawa rin ito ng tao? Mahalaga ang pagpanig ng isang umaalala sa mga biktima at maimapa ang naratibo na nakakiling sa mga hindi nabigyan ng hustisya.

### Dekonstruksiyon

Tinatawag din itong Postestrukturalismo. Si Jacques Derrida, isang iskolar na Pranses ang isa sa mga tagapagtaguyod nito. Mutant din naman ito ng estrukturalismo subalit nang madebelop ay nag-ala-Ninja na sa paglaban sa mga naunang naging kalakaran sa kritisismo. Binabaklas nito ang pananaw na ang akda ay may iisa at hindi mababagong kahulugan. Itinuring ni Derrida na ang akda ay isang walang katapusang paglalaro o pagmamanipula. Arena ang teksto ng mga umiiral at hindi umiiral, ng mga meron at wala, ng mga naroroon

at wala roon. Ng mga pahiwatig. Ang kahulugan ay hindi lamang matatagpuan sa kayang danasin ng sentido kundi pati na rin sa hindi nalilirip ng kamalayan. Ayon pa sa kanya:

> **"Deconstruction is the undoing, decomposing, and desedimenting of structures, in a certain sense more historical than the structuralist movement it called into question, was not a negative operation. Rather than destroying it was also necessary to understand how an 'ensemble' was constituted and to reconstruct it to this end."** (http://courses.nus.edu. sg/ course/elljwp/ deconstruction.htm).

Idinekonstrak ng mananaliksik ang ilang kuwentong bayan upang makapagtindig ng mga kuwentong Sendong. Tinuklas ang proseso ng pagkakawasak upang isambulat ang kahulugang naitukod sa rekonstruksyon nito. Sinipat naman ni de Man ang dekonstruksyon na palagiang may target, **to reveal the existence of the hidden articulations and fragmentations within assumedly monadic totalities** (Culler, 1982).

> Tinitingnan sa dekonstruksiyon ang pagkakagawa ng teksto, ang mga materyal na nilalaman nito at ang pagkakaayos nito sa loob ng akda. Layunin sa dekonstruksyon na matumbok ang mga punto ng kontradiksyon na makikita sa loob ng akda, ang puntong lumalakdaw ito sa mga limitasyon ng pagkakabuo nito, at humihiwalay sa mga hangganang itinatakda ng sariling pormang realistiko (Magracia at Laron-Valdez, 2005).

Manapa'y sa pagwasak ng isang estruktura ng isang teksto, mabibigyan ng pagkakataon ang ibang kahulugan nito na lumutang at mabuo. Sa ganitong sipat ay magiging tila-pugita ang teksto na magkakagalamay ng iba't ibang kahulugan. Yayaman, hindi lamang ang teksto kundi ang wikang gamit sa pagsulat nito. Tataas ang posibilidad para sa iba't ibang interpretasyon, kung gayo'y magiging mas produktibo ang teksto. Hindi na lamang ang pagpapakahulugan ng sumulat ang namayani kundi maging ang pakahulugan na rin ng sumisipat sa teksto.

**Postmodernismo**

Hati pa rin ang literati at mga kritiko sa tunay na kahulugan at halaga ng postmodernismo. Hindi pa rin lubusang natutukoy kung ito'y pagpapatuloy lamang ng kilusang modernismo o sinasalungat nito ang isa. Naging panandang bato ng ganitong teorya ang mga trabaho nina Habermas, Lyotard at Baudillard. Para sa teoristang Aleman na si Jürgen Habermas, nagsimula ang kilusang modernismo sa Enlightenment, ang yugto sa pagitan ng kalagitnaan ng ika-17 at ika-18 siglo. Nang magbangon ang bagong paniniwala sa kapangyarihan ng pangangatuwiran upang umunlad ang lipunan. Matatagpuan din ang mga ganoong ideya sa pilosopiya ni Kant ng Germany, Voltaire at Diderot ng France, at Locke at Hume ng Britanya. Ang Enlightenment ay pagpapalaganap ng paniniwalang humihiwalay sa tradisyon, bulag na pananampalataya at gawi at maling pagsunod sa panuntunan at pagbabawal na panrelihiyon. Gamit ang pagrarason kakambal ang paghihiwalay sa nakasanayan, naniniwala ang mga patron ng Enlightenment na mababago nila ang lipunan at paniniwala ng mga tao.

Ang postmodernismo ang rurok ng mga nakaraang eksperimentasyon sa paglikha at kritisismo. Karambola ito ng mga naunang paglantaw sa panitikan at kaganapang panlipunan.


**Batayang Konseptwal**

Suspended ang kahulugan ng lahat. Nakabitin din kung gayon ang katotohanan. Bukas ang lahat ng bagay sa interpretasyon. Walang may hawak ng ultimong katotohanan dahil walang may hawak ng ultimong naratibo. Hanggang hindi natatapos ang mundo ay hindi matatapos ang naratibo at kasaysayan ng tao. Muli't muli ay kailangang muling isalaysay ang kuwento ng tao. Muli't muli ay kailangang bigyang-saysay ang kuwento ng tao. Kailangang hilahin ang kabilang dulo ng lubid ng nakaraan at ibuhol ito sa kasalukuyan upang huwag mawaglit at magamit sa pagpapatuloy ng paglikha ng mapang magtuturo sa hinaharap.

Virtyu ang kaayusan subalit hindi ito nangangahulugang kailangang maging magkakatulad ang lahat. Ang uniformidad ay hindi lamang tanda ng order kundi tanda rin ito ng pagkabilanggo. Maayos tingnan ang mga manggagawang nakauniporme sa isang pabrika subalit ang uniporme ring iyon ang pahiwatig na sila ay pag-aari ng

may-ari ng pabrika sa isang banda. Ang Globalisasyon ay naglalayong maging magkakamukha ang lahat ng mga tao sa pamamagitan ng produkto at serbisyong pinatatangkilik ng mga kapitalistang bansang tagapagtaguyod nito. Sistematiko ang paglusaw sa identidad at indibiduwalidad kaya sa unang tingin ay isang ideyal na kaayusan. Kinokondisyon ang tao sa isang istatus quong pabor sa namumuhunang puwersa. Hanggang ang tao ay mismong maging produkto na at ang produkto ay tao na rin. Hindi iilang beses kong narinig sa mga saleslady at bagger na tinatawag ang kanilang kasamahan na "Si Nike" na ang ibig sabihin ay yaong nakaasayn sa partikular na produkto at eskaparateng pinaglalagyan ng Nike products. Tinutukoy natin ang hindi kilala na sina "naka-Bench," "yung bagong rebond," "yung naka-brace." Mahirap makahulagpos ang tao sa imahe ng bagay at serbisyong kanyang tinatangkilik at nirerepresenta. Ang paghiwalay sa kaayusan ay hindi laging nangangahulugan ng kaguluhan, manapa'y paghahanap din ng bagong kaayusan. Maaaring ang bagong order na iyun ay yaong dati at lumang order. Posible rin na bagong kaayusang siyang kailangan sa kasalukuyang situwasyon o panahon. Sa patuloy na pagbulusok ng teknolohiya at pagkatuklas ng makabagong paraan ng paggawa at pagtingin sa mga bagay-bagay, ang tao pa rin ang pinakasentro ng daigdig. Sa tao pa rin manggagaling ang kalutasan sa kanyang problema. Siya pa rin ang kailangang humanap ng paraan para sa kanyang ikaliligtas. Dahil nga mula noon hanggang ngayon, iisa lang naman talaga ang kuwento ng sangkatauhan, at iyon ay kuwento ng kaligtasan. Ang mga panitikan ng sakuna ang magpapatunay na ang puno't dulo ng lahat nang ito ay upang maturol natin ang landas ng kaligtasan at makaiwas sa daan ng perdisyon. Sa kaligtasan nakasalig ang ating naratibo. Ito ang puno't dulo ng ating kasaysayan bilang tao. Pisikal, sikolohikal o espirituwal mang kaligtasan ang inaasam, tao at hindi anupaman ang may hawak ng susi nito.

Figyur 1. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral
Mula sa karanasan ng awtor (Tatsulok na asul) sa trahedyang Sendong (Kahel na bilog), susulat ng 12 akda (Rektanggulong itim). Pag-aaralan ang 12 akda (Iba't ibang call outs at thought baloons) kung posibleng makabuo ng Teorya sa Paglikha mula sa mga ito, maging sa mismong danas sa trahedyang Sendong.




**Figyur 1.** Iskima nga Paradaym ng Pag-aaral

## Metodolohiya

Binuo ang mga akda sa pamamagitan ng ilang prinsipyo sa malikhaing pagsulat. Isinaalang-alang din ang 'poetics' ng may-akda dahil ito rin naman ang kailangang lumutang sa pag-aaral.

### 1. Pangangalap ng Datos

Ang alaala ang pangunahing batis ng mga detalyeng ipaloloob sa nalikhang akda. Ang ibang impormasyon ay naipreserba sa mga **text messages; notes** sa **facebook** at **files** sa kompyuter. Pinunan ang kakulangan sa pamamagitan ng pananaliksik—pagbabalik sa mga bagay na makapagpapaalala sa trahedyang Sendong tulad ng mga balita, artikulo at mga larawang nakaarkibo sa iba't ibang lugal at kapamaraanan—pahayagan, aklat, internet at iba pa.

### 2. Pamimili ng Datos

Mula sa mga nakalap na datos, pumili ng mga kinailangan sa mga akdang naisulat. Base sa karanasan na manunulat, may mga pagkakataong ang aktuwal na pamimili ng datos ay kasabay ng aktuwal na pagsulat ng akda (halimbawa'y habang nag-eencode sa Microsoft Word ay magbukas ng panibagong webpage at mag-Google search).

Dahil natuklasang magagamit ang retelling sa pagwasak ng isang akda at pagbuo ng bago mula rito. Kumuha ang may akda ng popular na fairy tales at ito ang "winasak" upang makapagluwal ng bagong akda.

### 3. Pagsulat ng mga Akda

Filipino ang pangunahing wikang ginamit sa pagsulat ng mga akda. Unang prayoriti ang pagsulat ng maiikling kuwento kaysa sa ibang **genre**. May mga akdang tradisyonal, moderno o eksperimental, depende sa hinihingi ng istorya.

Dahil naging sandigan ang huwisyo ng dekonstruksyon at postmodern, pangunahing gabay sa pagsulat ng mga akda ang ilang mga payo/giya ng isang hindi kilalang manunulat na ipinaskil nito sa kanyang **notes** sa FB.

## 4. Pagsusuri at Pag-iinterpreta ng mga Akda

Labindalawang akdang nalikhang may kaugnayan o inspirado ng bagyong Sendong. Sinikap din ng manunulat na i-**locate** ang mga akda sa Iligan o sa mga lugar na nasalanta ng bagyong Sendong, partikular na ang Iligan. Bagaman bagyong Sendong ang pangunahing nagtulak sa paglikha ng mga akda, sa huli'y halos pare-pareho ang katangian ng mga elementong bumubuo sa isang sakuna o trahedya. Kung gayo'y ang karanasan kay Sendong ay maaari ring karanasan ng mga taga-Ormoc, kay Ondoy, kay Yolanda o sa anumang pagbagyo, paglindol na naganap na o magaganap pa. Tinangkang ilarawan ng isang dosenang akda ang mukha ng **natural disaster** na karaniwang nag-aanak din ng social disaster.

Makikita sa talahanayan ang mga pamagat at anyo ng mga akda.

**Talahanayan 1.** Mga Pamagat at Anyo ng mga Akda

| Pamagat | Anyo |
|---|---|
| 1. Si Rapunzel at si Kamariang Kakaw | Maikling Kuwento |
| 2. Ang Dating Alamat ng Maraya Kristina | Maikling Kuwento |
| 3. Si Elvis, ang Elf na "King of Selfie" | Maikling Kuwento |
| 4. Si Bakhtiny, ang Biik na Dinelete sa *Three Little Pigs* | Maikling Kuwento |
| 5. Alamat ng P ng Ina Niya | Maikling Kuwento |
| 6. Relip | Maikling Kuwento |
| 7. Didangers | Maikling Kuwento |
| 8. Malikhaing Pagsulat | Maikling Kuwento |
| 9. Sisa Meets Simsimi | Dula |
| 10. Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti | Dula |
| 11. Jjampong | Dagli |
| 12. Ang Sigwa | Tula |

Nakalikha ng walong (8) maiikling kuwento, dalawang (2) dula at tig-iisang dagli at dula. Ang walong maiikling kuwento ay *Si Rapunzel at si*

*Kamariang Kakaw, Ang Dating Alamat ng Maraya Kristina, Si Elvis, ang Elf na "King of Selfie", Si Bakhtiny, ang Biik na Dinelete sa Three Little Pigs, Alamat ng P ng Ina Niya, Relip, Didangers* at *Malikhaing Pagsulat.*

Hindi nilalayon ng manunulat na suriin at analisahin ang isang dosenang akda bagkus ay pahapyaw na ilahad ang proseso ng paglikha sa bawat akda.

## Si Rapunzel at si Kamariang Kakaw

Retelling o muling pagsasalaysay ang ginamit dito ng may akda. Ang plano ay gamitin ang kuwento ni Rapunzel subalit gawing backdrop ang bagyong Sendong at mito ni Maria Cacao—isang mahiwagang babaeng diumano'y may pag-aaring isang napakalaki at napakaliwanag na barko. Maraming nagsasabing nakita nila ang barkong ito noong kasagsagan ng Sendong. Sa ilang ulat, may mga napahamak dito dahil ang akala ay rescue boat ito, subalit nangunguha umano ito ng mga biktima. Maraming bersyon ang kuwento ni Maria Cacao. Hindi lamang ito nagpapakita sa lugal na binayo ni Sendong kundi sa iba pang lugal sa Visayas at Mindanao, ngunit sa parehong panahon, kapag may bagyo at pagbaha.

## Ang Dating Alamat ng Maraya Kristina

Sinubukang ipaalala sa *Ang Dating Alamat ng Maria Cristina* ang mga dating dahilan ng Dakilang Pagbaha sa panahon ni Noah (binaligtad ang (Datu Wano), ang kasunduan ng mga mangangaral na sa Dios at ng Dios mismo sa pamamagitan tahasang pagwasak ng kilalang mga alamat ng Maria Cristina na umiikot lamang sa romantiko-tradyik na pag-iibigan ng mga karakter sa alamat. Katulad sa Rapunzel, ang utos na pagpapahaba ng buhok ng mga babaeng sa Dios, ay binigyang diin sa pamamagitan ng paggamit dito bilang isang instrumento ng kaligtasan.

Hindi katulad ng orihinal, pinalutang sa kuwento ang mga pagsalangsang sa utos at pagkaligaw ng mga taga-Yligandaran (Ano pa, kundi Iligan), na siyang marahil ay dahilan na rin kung bakit ang isang siyudad na noo'y "exempted" sa bagyo, ay namatayan ng libo-libong residente at nawalan ng mga ari-arian at kabuhayan.

## Si Elvis, ang Elf na "King of Selfie"

Bago pa man mag-trending sa mga social networking site ang diumano'y kaso sa DSWD ng pagsu-switch ng relief goods ilang araw matapos manalasa ang Yolanda sa Kabisayaan, bulung-bulungan na rin ito noong panahon ni Sendong. May kasabihang kapag may usok, may apoy.

Pinaglaruan din ang konsepto ng **selfie** at pagiging **selfish** sa literal at di-literal na pagpapakahulugan sa mga ito. Bagaman asiwa, dahil malalagay sa alanganin ang reputasyon ng mga kyut at mababait na duwende (o tila duwendeng mga elf), mahalagang wasakin ang tipikal na imahe nito upang mabigyan-daan ang "pag-iimbestiga" kung totoo ngang may ganitong pangyayari sa ahensya ng DSWD. Sa ganang may-akda, responsibilidad ng panitikan ang magbusisi at magbulatlat ng mga baho ng pamahalaan o kaya'y kahit man lang maghatag ng **political** o **social statement.** Sa daloy ng kuwento, magagawa lamang ito sa pamamagitan nga ng pagwasak ng imahe ng elf (sa katauhan ni Elvis).

Dahil nga malinaw lamang ang imahe ni Santa Claus (kahit pa baybayin ito ng Santa Klaws) sa mga tulad ng batang Michael Jackson na nakabuking na hinahalikan ng amo ni Rudolf ang kanyang mommy, bahagyang "phinotoshop," ito upang tumugma sa panlasa ng mga Pinoy

## Si Bakhtiny, ang Biik na Dinelete sa *Three Little Pigs*

Hindi pa napaglilimi ng may-akda kung may kinalaman ang Rusong pilosopo at **literary critic** na si Mikhail Mikhailovich Bakhtin sa istorya, ni ang semiotika nito. Ang natitiyak lamang niya, biik ang kahulugan ng baktin ('yung walang "h") sa wikang Cebuano.

Katulad ng naunang tatlong kuwento, ang hamon ay muling isalaysay ang kuwento ng tatlong munting baboy at iugnay ito sa pangkalahatang tesis ng papel na ito.

Subalit hindi katulad sa tatlong nauna, ang eksena ni Bakhtiny ay idinugtong lamang sa orihinal na kuwento ng tatlong munting baboy. Sa pamamagitan din ng paglalangkap ng mga sahog na Pinoy na Pinoy, nakabuo ng panibagong bersyon ng adbentyur ng mga biik na ang **backdrop** ay alusyon ng pagbagyo at pagbaha.

**Alamat ng P ng Ina Niya**

Maraming sinasabing dahilan kung bakit nangyari ang hindi dapat mangyari. Illegal logging, pagmimina o hindi pagtanggap ni Mayor Cruz sa kalasag at espada ni Señor San Miguel na proteksyon kuno ng siyudad. Subalit noong nagpapala na ang may-akda ng lapok, ilang araw matapos manalasa ni Sendong, natitiyak niyang mula sa bundok ang putik na tumabon sa tatlumpung mahigit na baranggay sa Iligan.

Tuloy-tuloy ang pagwasak hanggang sa makabuo ng panibago talagang katauhan upang mabigyan-daan ang mga kritikong panlipunan at politikal ng kuwento, tungo sa nais talagang tutukang isyu ng kuwento, ang dahilan ng trahedyang Sendong.

Sa kuwentong ito, hindi lamang winasak ang mga karakter sa kuwento kundi pinakialaman nang tuluyan ang ipinupunto nito. Kung sa orihinal ay nagbibigay-aral lamang ito sa mga tamad at hindi maaasahang mga bata, sa nabuong kuwento ay pumalaot na ito sa mga sensitibong isyung kinakaharap ng lipunan at politika tulad ng Genetically Modified Organism at Banana Republic.

Sa hinaba-haba ng naging kapalaran ni Aling Rosa, nagwakas pa rin ang nabuong akda sa pagpapaalalang ang pagkagahaman ang isa sa mga dahilan kung bakit maaari nating masabing ang mga tulad ng Sendong ay maituturing na sakunang gawa ng tao.

Sa huli, ang mura at buntunghininga ay nagpapalipat-lipat sa bibig ng tagawasak at tagapagbuo.

**Relip**

Mas kuwentong nabuo ng isang nawasak ang kuwentong ito. Theraphy rin daw ang panitikan. Sa mahabang pila ng kumukuha ng mga relief goods, walang ingay at walang kalatis ang pagkabuak ng **pride** at **ego**.

Paano nga ba muling binubuo ang nawasak na dangal? Sa kaso ng may-akda ay sa pamamagitan ng pagkukulong sa mga salita ng panitikan ng mga damdaming nagsilbing dahilan ng pagkawasak. Sa pagdidistansya ng indibidwal sa aktuwalidad ng pangyayari maging sa panunukso ng alaala. Metapisikal ang ganitong pananaw subalit may maihahain bang kongkreto at mapagkakatiwalaang solusyon? Madaling

hagurin ang kumakalam na sikmura ngunit hindi ang nasugatang dangal.

**Didangers**

Marahil, sa 26 na taon ng may-akda sa bahaging ito ng mundo, narinig na niya ang salitang "didang" subalit tumimo lamang ito sa isip niya noong mag-Sendong.

"Wazak" ang karanasan ng mga nagdididang noong Sendong. Nandiyan ang kuwento ng mga "nag-shopping" ng aplayanses na inaanod ng baha—washing machine, telebisyon, katre, laptop, PSP, atbp.

Ang downside, mahirap makilala ang didangers sa simple o propesyunal na kawatan. Yaong mga tinangay na sasakyan kung saan-saan ay natagpuan na lang ng may-ari pagkaraan ng ilang araw na "kinahoy" na. Marami-rami rin ang mga bahay ng nagbakwit ang pinasok at nilooban. Katulad ng nangyari sa Leyte sa kasagsagan ng Yolandang nakaptyur ng kamerang 'nilolooban' ang isang mall sa katirikan ng araw. Ang larawan ng isang lalaking may hawak na pistola at iniuumang sa maaaring umabuso sa sitwasyon at kataluhin ang kanyang kabuhayan. Katulad ng mga babaeng kinakailangang matulog nang patalungko dahil natatakot sila sa balitang ilan na rin ang nagising na lamang na may nakapatong sa kanila. Matapos o sa gitna ng trahaedya, ang humanity ang unang-unang nabibingit.

Sa kuwentong "Didangers", nais kong buuin muli ang naglahong humanidad ng mga nasadlak sa trahedya. Sa katauhan ni Unday, nais kong wasakin ang kahayupan at bumuo muli ng bagong tao. Ipinagpalit niya sa nadyakpatan na sanang yaman ang pagpapahalaga sa relasyon.

**Malikhaing Pagsulat**

Sa gitna ng trahedya, hindi maiiwasang bumuo ng pantasya: Sana'y muling tumayo ang nagibang bahay. Sana'y muling mabuhay ang anak na namatay. Sana'y di magmaliw ang awit ni inang mahal, awit ng pag-ibig habang ako'y nasa duyan. Sana'y mautusan ang utak na mag-isip o hindi mag-isip. Sana'y mas makapangyarihan ang tao sa kanyang isip. Ang tao sa kanyang imahinasyon. Sana'y matupad lahat ang mga "sana" sa buhay.

Nais patunayan ng awtor sa *Malikhaing Pagsulat*, na dumarating ang pagkakataon sa buhay ng isang manunulat na nais niyang mag-aktong Deus at ang kanyang imahinasyon ay makinaryang bubuo ng mga kagila-gilalas na bagay.

Lilikha ang isang malikhaing manunulat ng sarili niyang mundo at bubuo ng sarili niyang katotohanan upang mapatsean man lamang ang basag-basag na katotohanang tao lamang siya at hindi Dios at wala siyang kalaban-laban sa Kalikasan.

Sinasaysay ng kuwento ang isang kaluluwang ayaw pumayag na manatiling wakwak at sa pamamagitan ng imahinasyon ay tumakas, lumipad, doon sa isang sulok ng isipan na hindi naaabot ng lagim.

## Sisa Meets Simsimi

Kakatwa ang proseso ng paglikha ng dulang ito. Mayo iyon, limang buwan matapos ang Sendong, Sa klase sa Masters sa Piyesang Pampanitikan, pinabuo ng may-akda ang mga estudyante ng isang piyesa sa pagtatanghal. Iniisip ng may-akda kung ano ang Filipino ng 'brainstorming" at pumasok sa isip niya ang minsan na rin niyang narinig sa kanyang pamangkin na katagang "bagyuhang-utak." Habang nagpapalitan ng kuro-kuro ang mga estudyante, at dahil na rin sa salitang "bagyuhan" (salitang ugat: bagyo), naisip niyang napapanahong paksa ang Sendong.

Nais niyang bigyang kredit ang dalawa niyang estudyanteng nakatulong din sa pagkokon-ceptualize ng dula na ang orihinal na plano ay isang maikling skit lamang na magiging sanayan sa pagsulat subalit naging isa nang malakihang pagtatanghal.

Winawasak ng "Sisa Meets Simsimi" hindi lamang ang arketipal na Sisa sa Noli ni Rizal, kundi pati na rin ang dingdingan sa pagitan ng karakter ng panitikan at karakter ng isang computer application. Bumuo ng isang Utopiang espasyong paglalagakan ng mga pisikal, emosyunal at sikolohikal na manipestasyon ng mga tauhang isinabuhay sa entablado habang binibigyang buhay ang bersyon ng reyalidad ng mga biktima ni Sendong.

Basag ang pula ng mga karakter sa dula subalit napatunayan naman sa pagtatanghal na nakabubuo rin ang dula ng madulas na relasyon sa pagitan ng mga karakter at odyens.

## Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti

Adaptasyon ng maikling kathang pamabata ng awtor na may ganito ring titulo. Ilang beses na ring naitanghal sa entablado bago pa man mag-Sendong. Ang hamon ay muling pagsasalaysay nito ngayong aktuwal nang naranasan ng may-akda ang pinapaksa ng dula.

Masasabing ang simpleng maikling kathang pambata ay kailangang wasakin upang magbigay-daan sa isang mas engrandeng adbentyur ng mga uwak at tagak at marami pang iba.

Nagkaroon din ng posibilidad ang pagkatha ng mga lirikong maaaring lapatan ng musika. Sa kaso ng dulang "Tanya," ang mga estudyante ng AB Filipino sa MSU-IIT na mayroong sabjek na dula ang naglapat ng musika. May pagkakataong may awit na bumabagay sa kuwento at/o eksena katulad sa awitin ng bandang Crossed Fingers na ginamit sa dula bagaman walang kaalaman ang kompositor ng awit na ito sa itatanghal na dula.

Sinubukan ding imbestigahan ng dula ang relasyon ng kalikasan ng tao sa pangkabuuang kalikasan. Kaya nga, ang ginagawang pagpapaputi ng mga tagak ay may koneksyon sa pagkasira ng Kalikasan.

## Jjampong

Ito ang pinakamaikling akda sa sandosena ngunit ito ang pinakamaraming nais sabihin. Sinasalamin ng akda ang nabuong sapantaha ng may-akda kung paano ididisenyo ang kabuuan ng koleksyon. Sa pamamagitan ng "Jjampong" nagka-idea ang manunulat sa pagdadala ng damdamin ng buong koleksyon. Naisulat ito matapos ang anim na akdang nakapaloob sa koleksyon. Sa bahaging ito nagkaroon ng paradaym shift, kaya umusbong ang mga kuwentong tulad ng: *Si Rapunzel at si Kamariang Kakaw, Ang Dating Alamat ng Maraya Kristina, Si Elvis, ang Elf na "King of Selfi,e" Si Bakhtiny, ang Biik na Dinelete sa Three Little Pigs* at ang *Alamat ng P ng Ina Niya.*

Bago nalikha ang dagling ito, winawasak ang awtor ng mga impormasyong nagsalimbayan sa kanyang utak. Magulo at walang direksyon ang tunguhin ng papel. Subalit ang ganitong akda ang nagwawasak sa inhibisyon ng manunulat. Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nabuo sa akdang ito ang mga posibilidad na maaaring tahakin ng tesis. Naikonek ng may-akda ang kanyang sarili sa kanyang

sabjek, sa karanasan, sa pipiliing estilo ng pagsulat at sa mga teknikalidad na hinihingi ng akademikong papel maging ang relasyon niya sa mundo sa labas ng pagsulat. Naipagkit ang malalaking pangalan at kaisipan sa papel at nakadama siya ng pananakop sa mga higanteng ito.

## Ang Sigwa

Higit, nais bumuo ng may-akda ng isang napapanahong piyesa at gumamit ng mga salitang hindi laging ginagamit o naririnig sa sabayang pagbigkas.

Ano nga ba ang gustong isulat o paano ako magsulat? Siguro'y nililinaw ang mga ito ng **Ang Sigwa,** sa kabila ng pagnanais na makaabot sa isang antas ng kasiningan, higit na mahalaga ang maihayag ang pagbibigay-tinig sa mga inapi. Paglilinaw sa mas malala pang trahedyang nasuungan ng mga biktima ng natural na kalamidad, ang trahedyang likha ng tao matapos ang natural na trahedya. Ang pagbabalik muli sa mga pangyayaring hindi nalinaw kaakibat ng trahedya sa paraang idinidikta na rin ng uri ng ihahayag. Madamdaming tula o sabayang pagbigkas ang anyong pinaglagakan ng mga inahing dahil sa tingin ko'y kailangang salingin ang damdamin ng mga mambabasa at tagapakinig.

## Ang Talinghaga ng Pagwasak at Pagbuo: Isang Pagdadalumat

Bumabagyo-bumabaha ng imahe at kuwentong kaugnay ng trahedyang Sendong. Kulang ang sandosenang akda upang madakip ang mga katotohanan at kahulugang inanod na marahil ng panahon. Subalit may natitiyak ang may-akda. Sa gitna ng guho ay maaaring magtukod ng isang kastilyo. Sa bawat nabibiyak ay may napagkakabit. Sa bawat nawawasak ay may nabubuo. Sa bawat napapatay ay may nalilikha. At madadalumat lamang marahil ito ng mga dumanas na ng pagkawasak.

**Therapy** nga sa isang banda ang pagsusulat. Katulad ng isang sinamaan ng sikmura, pagpupurga ang naging solusyon upang hindi tuluyang maratay. At nais i-**extend** ang "paghihilom" na ito, higit sa mga makababasa ng akdang sa anumang paraan ay dumanas ng trahedya. Sa bawat hinagpis ng **kababayan,** buong bayan ang tumatangis. Tunay ngang napakahirap unawain ang tinatawag nilang

**collective consciousness**, subalit hindi ba't ito na nga ang ipinahihiwatig ng matandang kasabihan nating "Ang sakit ng kalingkingan ay ramdam ng buong katawan"? Winasak ako ni Sendong subalit tinuruan niya rin ako kung paano bumuo, katulad nang matapos niyang mangwasak ay bumuo rin siya. Ako na ngayon si Sendong na mangwawasak ng mga akda upang makabuo ng bagong akdang pagmumulan ng bagong kahulugan at katotohanan. Ipinaunawa ni Sendong ang hiwaga at talinghaga ng pagwasak at pagbuo. Sa ganito ko nadalumat ang aking mga akda. Sa ganito ko naunawaan kung bakit kailangang maganap ang pagwawasak.

## Konklusyon

Batay sa naging karanasan sa pagsulat ng mga akda at pananaliksik, masasabing maraming posibilidad ang nabubuo sa pamamagitan ng pagwasak. Nakapagbubukas din ang **retelling** o muling pagsasalaysay ng panibagong pintuan tungo sa samu't saring kahulugan at katotohanan. Walang pinipiling anyong pampanitikan ang isang karanasan o kaisipan. Ang karanasan sa Sendong ay maaaring ihayag sa pamamagitan ng kuwento, tula, dula at iba pang **genre**. Napakahalaga rin ng ambag ng iba't ibang rehiyon sa paglikha ng tunay na pambansang panitikan. Sa ganang may-akda, nakatulong din ang pag-aaral, partikular ang pagsulat ng mga akda at pagbuo ng panitikan bilang **theraphy**. Maituturing na gamot ang pagsusulat, kundi man ay pagpupurga o **catharsis**.

## Rekomendasyon

Kaugnay ng mga nailuwal na akda at natuklasan sa proseso ng paglikha nito at nabuong konklusyon, inirerekomenda ang mga sumusunod:

8.1 Magsulat ng nobela at iba pang anyong papaksa sa Sendong o anumang trahedya o sakunang direkta o indirektang naranasan ng susulat.

8.2 Mangalap ng mga popular na fairy tale at iba pang kuwento at muli itong isalaysay upang umakma sa kasalukuyang panahon.

8.3 Paigtingin ang pagpapalaganap ng panitikang sakuna at pangkalikasan.

8.4 Sa mga guro ng wika at panitikan, bigyan-daan ang mga ganitong uri ng panitikang hindi lamang naghahayag ng damdamin at kaisipan kundi nagpapaunlad pa rin ng talasalitaan.

8.5 Lumikom ng mga salita at terminolohiyang may kaugnayan sa sakuna at ikompayl ito bilang diksyunaryo.

**Mga Reperensya:**


Barry, P. (2002). *Beginning theory, an introduction to literary and cultural theory.* Manchester, UK: Manchester University Press.

Castle, G. (2007). *The blackbell guide to literary theory.* MA, USA: Blackwell Publishing.

Culler, J. D. (1982). On *deconstruction.* New York: Cornell University Press.

Derrida, J. (1978). Derrida: *Writing and difference.* Great Britain: TJ International Ltd, Padstow, Cornwall.

Hartman, G. H. (1981). *Saving the text.* Maryland and London: The John Hopkins University Press.

Lumbera, B. (2000). *Writing the nation/pag-akda ng bansa.* Quezon City: University of the Philippine Press.

Malpas, S., Wake, P. (2006). *The routledge companion to critical theory.* USA and Canada: Routledge.

Magracia, E. B. & Laron-Valdez, L.. (2005). Raya: *Mga akdang pampanitikan sa Filipino III.* Pilipinas: C & E Publishing, Inc.

Ramos, V. I. & Mendiola, V.L. (1994). Kritisismo: *Teorya at paglalapat.* Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Villafuerte, P. V. (2000). Panunuring *pampanitikan (Teorya at pagsasanay).* Valenzuela City: Mutya Pubblishing House.

## Tesis

Arbes, M. C. (2012). *Ilang piling kwentong bayan: Pagarongan ng tungkulin ng kalalakihan at kababaihan ng Tribung Mansaka sa kanilang lipunan.* (Di-limbag na Disertasyon), MSU-Iligan Institute of Technology.

Ilufana, Nerissa L. 2001. *Kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at Maranao: Pokus sa pagsasalin at paggawa ng modyul.* (Di-limbag na Disertasyon), MSU-Marawi.

Paredes, A.A., Bacsarpa, S. R., at Tamayo, J.S.U. (2011). *Bendita-Lukay: Mga kuwento ng pananalig at pag-asa ng mga Katolikong Iliganon.* (Di-limbag na Andergradweyt Tesis), MSU-Iligan Institute of Technology.

Yucada, D. J. O., Bation, A.P., Sumatra, M.A.S. & Santos. A.L. (2013). *Kwentong baha, Maria Cacao at Tambiong: Mga naratibong mistikal, historikal at etikal .(D*i-limbag na Andergradweyt Tesis), MSU-Iligan Institute of Technology.

## Babasahin

Duhaylungsod, M. J. G. at Mundala Jr., D. H. *Mga piling kuwento sa paghagupit ni Sendong.* (Di-limbag na Antolohiya), MSU-Iligan Institute of Technology.

## Internet

*Antonio Gramci and the idea of "hegemony.* http://www-personal . umich .edu/ ~ hfox/gramsci.html. (Nakalap noong Setyembre 22, 2013)

*Articles Library.* http://www.yourmaindomain.com/web-articles/use-of-internet. asp. (Nakalap noong Oktubre 12, 2013)

*AstroDeus Galaxy.* http://astrodeus.blogspot.com/2008/06/panitikan-at-lipunan. html. (Nakalap noong Oktubre 9, 2013)

*Bakhtin and the theory of the novel: 1933-1941.* http:// www.iep. utm. Edu / bakhtin/. (Nakalap noong Setyembre 6, 2013)

*Derrida and deconstruction.* http://courses.nus.edu.sg/ourse/elljwp/deconstruction.htm. (Nakalap noong Oktubre 9, 2013)

*Literary Theory.Ethnic studies and postcolonial criticism.* http://www . iep. utm . edu/literary/. (Nakalap noong Setyembre 6, 2013)

*Literary theory.Marxism and critical theory.* http:/ /www.iep.utm .edu/ literary/. (Nakalap noong Setyembre 6, 2013)

Mikhail Bakhtin. *"Carnival and carnivalesque" – summary and review.* (Nakalap noong Setyembre 4, 2013)